



Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION



KALATAS MULA SA TAGAPANGULO

PARA SA : LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG
TANGGAPAN NG KOMISYON
LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA
PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD

PAKSA : PARTISIPASYON SA “ULIRANG GURO SA FILIPINO”, TAUNANG
GAWAD NA INORGANISA NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

PETSA : Enero 3, 2018


Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No. 7722*, na kilala rin bilang “*Higher Education Act of 1994*”, malugod na iniendorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) para sa suporta at partisipasyon ng mga kinaaukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang *Ulirang Guro* ay taunang gawad na ibinibigay ng KWF sa mga natatangi at karapat-dapat na guro sa Filipino sa bawat rehiyon at/o probinsya sa buong bansa. Ang *Ulirang Guro* ay kailangang nagpamalas ng angking husay, talino, at dedikasyon sa pagpapalaganap at promosyon ng Wikang Filipino at/o wika at kultura sa larangan ng pagtuturo sa kanilang komunidad, at higit sa lahat ay may makabuluhang ambag sa mga saliksik pangwika at pangkultura.

Bukas ang timpalak sa lahat ng gurong nagtuturo gamit ang wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo sa mga pampubliko at pampribadong kolehiyo at unibersidad, maliban sa mga kawani ng KWF at mga director ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), at kanilang mga kaanak hanggang ikawalong digri (degree).

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino sa telephono bilang (02) 243-9855 o kaya sa email komfil@kwf.gov.ph / kwfssg@gmail.com.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.


PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.